RADIO BRIEFING

BY

SECRETARY MARTIN ANDANAR
PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE

"Kaagapay ng Bayan" with Ms. Marie Peña-Ruiz and Mr. Leo Palo

[Radyo Pilipinas | 11 November 2017]

SEC. ANDANAR: Hello. Good morning, Marie at Leo. Good morning. Nandito na ako sa Pilipinas, dumating ako kagabi, oo, oo, nauna ako.

Mr. Palo: Bakit ka nauna?

Ms. Ruiz: Bakit ka nauna, sir?

SEC. ANDANAR: Hindi, nauna na ako nagpaalam na ako kay Presidente kasi [kumpil?] naman ako eh.

Ms. Ruiz: Ay, tama. At tsaka magiging busy na rin kayo?

SEC. ANDANAR: Oo, magiging busy na rin sa ASEAN, so kailangang paghandaan 'yung ASEAN din bago magsidatingan ang mga heads of state, heads of government para sa ASEAN 31st Summit.

And, of course, alam naman natin na bukas na po ang mangyayari na gala ng mga heads of government at heads of state dito po sa Maynila.

Mr. Palo: Speaking of heads of states, Secretary, eh unahin ko lang muna 'to, ate Marie ano. Para sa kaalaman ng ating mga kababayan eh mukhang sa ilang pangulo ba? Mula kay Pangulong FVR, Erap, GMA, mukhang naungusan ng Pangulo --- ng Pangulong Duterte dun sa last survey, 'yung sa trust rating survey?

SEC. ANDANAR: Opo. Ito po ay magsisilbing inspirasyon sa ating Pangulo at sa mga miyembro ng Gabinete na mas lalo pang galingan ang trabaho at tutukan ang mga reporma na ipinangako ng ating mahal na Pangulo nung kampanya noong 2016.

Ito po'y --- itong resulta po ng pinakabagong survey ng Pulse Asia na among the four most recent Presidents ay si President Duterte po ang pinagkakatiwalan ng lahat --- mula kay Presidente Erap, GMA, Presidente PNoy at kay Pangulong Duterte.

Kami po ay, of course, natutuwa at lahat po ng mga supporters ng ating Pangulo.

And rest assured that we will even work harder para ma-deliver na po 'yung iba pang mga commitment lalong-lalo na sa infrastructure.

And speaking of infrastructure, Marie. Meron akong babasahing statement kung okay lang?

Mr. Palo: Sige, sir. Go ahead.

Mr. Ruiz: Yes, sir. Go ahead po.

SEC. ANDANAR: Oo, ito Marie ay tungkol dun sa, "The Philippines is the worst place to be a driver".

You know, we recognize the traffic situation in the Philippines, which stemmed from decades of neglect, particularly in the National Capital Region, is something that must be immediately addressed.

This problem cannot be solved with one solution alone. This cannot be addressed in a single year either.

We assure you, however, that this problem is being addressed now.

This is, in fact, the reason why the Executive Department requested for emergency powers from Congress.

While this is pending, we created the Inter-Agency Council on Traffic or i-ACT composed of different agencies, such as the Department of Transportation, Metro Manila Development Authority, Land Transportation Office, Land Transportation Franchising and Regulatory Board, the Philippine National Police-Highway Patrol Group and the local traffic enforcement units of Metro Manila LGUs.

This is the closest thing to a single traffic authority to address the traffic problems in the NCR, which must be done with unity and inter-agency cooperation.

Task Force Alamid of the i-ACT conducts rigorous road clearing operations everyday to clear our sidewalks and Mabuhay lanes of obstructions to ensure that road space for vehicles are sufficient.

We already have a 14 point-to-point (P2P) bus routes now, including Cavite and Clark, with around 150 bus units.

And soon we will have P2P busses going to Pangasinan, Zambales, Bulacan, Nueva Ecija. And we see the P2P concept to the provinces as one solution to the major gridlock in Metro Manila.

And we have likewise deployed more premium airport shuttle buses among other initiatives.

For the medium- and long-term, we have proposed a Build-Build-Build Infrastructure Plan to cut congestion and improve the traffic flow in the country.

We also started transferring government offices to other regions such as the successful transfer of DOTr to Clark, which we believe, would decongest traffic congestion, and will likewise spread developments in other areas.

Ms. Ruiz: Okay, tama. Sir, alam mo maganda rin 'yung ano P2P. May mga nagsabi na maraming nag-kwento na nakakaano 'yun, nakakatulong sa pagpapaluwag ng traffic.

SEC. ANDANAR: Talagang dapat ito, Marie at Leo, isang komprehensibong solusyon sa problema natin sa transportasyon.

Noong galing tayo sa Japan para samahan natin ang mahal na Pangulo ay nagkaroon ng bilateral conference, kung maalala niyo, ang ating mahal na Pangulo at si Prime Minister Abe.

At doon nga kinumpirma na committed ang Japan to the six billion US dollars to the Philippines underground or subway system dito sa Metro Manila, which will have partial operability within the term of President Rodrigo Roa Duterte.

Mr. Palo: All right. Sec., malinaw ba 'yung --- naiintindihan ko ba, tama ba ako, that parang tuloy pa rin na ninanais ng Malacanang o sa panig ng Pangulo na mabigyan siya ng emergency powers for this problem?

SEC. ANDANAR: Well, 'yun naman talaga 'yung original request that came from the Executive Department para mas lalong mapabilis 'yung pag-solve ng problema natin sa traffic --- road.

Hindi lang road traffic, Leo, pati 'yung air traffic. Sapagkat nakikita natin na padami nang padami ang mga turista na dumadating sa ating bansa, 'yun mga bisita.

So the NAIA 1, 2, 3 and the air space included is really just not enough for the air traffic that the three airports are handling right now.

So kaya kailangan ho talagang magkaroon ng ano, ng emergency powers para magawa na 'yung mga reporma na dapat gawin.

So for example, one of the reforms there was to transfer 'yung mga private planes 'di ba from NAIA to another airport and this requires really emergency powers --- at marami pang iba.

Mr. Palo: All right, Sec., mainit na ngayon ang ano, katatapos lamang or matatapos na ang APEC at meron ka bang maibalita muna before that para pumunta tayo sa ASEAN issue?

SEC. ANDANAR: Nako. Nako 'no, sa Vietnam mismo talagang ang ating Presidente ay rock star. Rock star na rock star talaga.

Rock star tayo noong unang ASEAN, noong 2016. Hanggang dito sa APEC, rock star pa rin noong nagkaroon ng speech ang ating Pangulo ay talagang nagsipalakpakan 'yung mga iba't-ibang mga delegates sa APEC, hindi lang mga Pilipino doon sa kanyang sagot.

Pero just to give a recap: Day one, ay nagkaroon po ng keynote address ang ating mahal na Pangulo sa APEC 2017 CEO Summit na may temang "Regional Economic Integration Lessons from ASEAN".

At doon nga sinabi ng ating Pangulo na kailangan ay inclusive 'yung globalization para walang talunan.

Kumbaga 'yung mga mayayaman na sa buong mundo ay dapat tinutulungan 'yung mahihirap na bansa para makahabol sa globalization.

Nagkaroon ng isang bilateral meeting si Pangulong Duterte with the President of Vietnam si Tran Dai Quang at doon ay kinongratulate (congratulate) ang Vietnam sa kanilang successful hosting ng APEC 2017.

And, of course, napagusapan din doon 'yung mga commitment po ng dalawang bansa enhancing cooperation in sectors of agriculture and fisheries, food preparation, consumer products services and industrial manufacturing.

At mula doon, ang ating Pangulo po naman ay nakipagpulong sa susunod na host ng APEC sa susunod na taon, ay ito po ang... [inaudible] Papua New Guinea Prime Minister Peter O'Neill dahil sila 'yung host for 2018.

Of course, the Philippines-PNG bilateral trade relations ay napag-usapan na kailangang palakasin pa ‘yung economic cooperation.

At the President ended that day, the first day doon sa Filipino community in Vietnam.

At doon naman sa pangalawang araw ng ating mahal na Pangulo and nakita naman natin, siguro kalat na kalat na sa mga balita, nakipagpulong ang ating Pangulo kay Russian President Vladimir Putin.

At doon ay napag-usapan nila 'yung political security cooperation, economic cooperation at partikular na pinasalamat ng ating mahal na Pangulo ang Russian President doon sa kanilang tulong sa enhancement of defense and security.

Lalong-lalo na 'yung weapons 'no, na ano --- na ipinadala ng Russia para sa ano --- doon sa bakbakan doon sa Marawi.

At, of course, 'yung --- the economic aspect naman ay 'yung entry ng mga prutas galing Pilipinas at iba pang agricultural products, fish products para sa Russian market.

The President likewise attended ‘yung plenary ng APEC Business Advisory Council Dialogue with APEC leaders kung saan ay pinag-usapan dito ‘yung sustainable innovative and inclusive growth.

Partikular na binanggit ng ating mahal na Pangulo ang kahalagahan ng micro, small and medium enterprises to access the international markets. At doon din po ay --- the President also welcomed three ASEAN countries Cambodia, Lao PDR, Myanmar as part of the first APEC-ASEAN.

At ngayong araw na ito, meron pong APEC Economic Leaders’ Meeting na [inaudible] Leaders’ Retreat. Pag-uusapan po dito innovative growth and inclusion and sustainable development in the digital age. On the [inaudible], new drivers for regional trade and investment and connectivity.

So, kasalukuyan po nangyayari ito ngayon at nakikibalita na lang tayo sa mga kasama natin na nandoon pa sa Viet Nam.

Mr. Palo: Secretary, bukod diyan sa mga bilats niya with 'yung mga --- siyempre kay Vladimir Putin, wala bang bilat kay Xi Jinping diyan sa APEC? Wala?

SEC. ANDANAR: Well, 'yun ang inaasahan natin na mangyayari for this day. Pero, of course, until that happens wala tayong mare-report kasi it is still ano a possibility and we are hoping that it will also happen.

Ms. Ruiz: Sir, dito naman sa ASEAN Summit in Manila, ilan po ang nakatakdang mga bilateral meetings ni Pangulong Duterte sa ibang mga lider po?

SEC. ANDANAR: Naku, wala sa akin ang listahan ngayon, Marie, but what I can tell you is that mayroon tayong 31 meetings ngayong 31st Summit and Related Summits dito sa Pilipinas.

And the President will be the one commanding, will be one managing most of the meetings. So, he will be very, very busy. Pero ang alam ko ang --- mayroong bilateral na natatandaan ko with the United States of America. 'Yan ang alam ko.

Pero wala sa listahan ko but I can forward you the copies kung sino-sino pa 'yung mga makakausap ng ating bansa. But most of the meetings here are really are multilateral in nature.

Mr. Palo: Wala silang magagawa. Ako chairman ngayon kaya kausapin niyo ako. Parang ganoon eh.

SEC. ANDANAR: Ang inaabangan dito 'yung East Asia Summit, 'yung ASEAN-America. 'Yun ang mga inaaabangan 'yung East Asia Summit, ASEAN-America.

Q: 'Yung mga dialogue partners.

SEC. ANDANAR: Of course, 'yung mga dialogue partners. And of course, the bilateral of President Duterte and President Donald Trump. 'Yun po ang inaabangan.

Ms. Ruiz: Inaantabayanan talaga ng ating mga kababayan kung ano ang magiging mga resulta sa mga pulong na 'yan. And also, sir, 'yung mga ipu-push ni Pangulong Duterte.

SEC. ANDANAR: Yes, yes. That's right, that's right. Mayroong isang outcome document na inaasahan nating mapipirmahan this 'no week --- next week bale. Which will be an outcome document of the 31st Summit.

This is more than 50 outcome documents na napirmahan na. And by the way para sa impormasyon ng ating mga kababayan, there's been more than 200 meetings already that had happened in the Philippines since we started last April.

At that was the 30th Summit tapos 'yung 50th anniversary noong Agosto. And, of course, extending until next --- this week starting tomorrow.

Kaya as a matter of fact, as we speak, marami ng preparations ang ginagawa 'yung mga Senior Ministers dito po naman sa Clark.

Mr. Palo: Sir, ito lang, busy tayong lahat. Si Juan dela Cruz eh nagtatanong, para saan naman 'yan at mabubusog ba ako diyan?

SEC. ANDANAR: Of course, ang magiging epekto kasi nito ay pinapalakas ng ating Pangulo bilang chairman ng Samahan ng Associate --- Association of Southeast Asian Nations.

Of course, nabubuksan 'yung merkado ng higit anim na raang milyong tao sa buong Southeast Asia. At dahil sa malakas na samahan nitong sampung ASEAN member states ay mas madali ho tayong mag-export, mag-import, magpadala ng tao para magtrabaho sa ibang bansa.

At kung mayroon mang mga kulang sa produkto na kailangan natin madala sa ibang bansa madali pong mag-import diyan.

At kung mayroon man tayong mga magagandang produkto na pwede nating ipadala sa ASEAN ganoon din kadali. And dahil sa malakas na samahan ng ASEAN at mayroon tayong mga ASEAN dialogue partners tulad ng Amerika na malaki ang merkado tulad ng Russia, tulad ng China, tulad ng Japan, tulad ng Australia, New Zealand, tulad ng Canada, nandiyan din po ang India, then it's easier for us as a country Philippines to be able to export to other markets sapagkat mayroon tayong malakas na samahan dito sa ASEAN.

We are moving as one region when we sell our individual countries. So para sa ordinaryong Juan, mas marami pong opportunities na pwede --- na matatamasa natin kung mayroon tayong isang malakas na ASEAN.

Ms. Ruiz: Tama. Kasi lalong-lalo na 'yung ating mga magsasaka, 'yung ating mga entrepreneurs, 'yun talaga. Eh may multiplier effect 'yun. Plus sa tourism natin, sir, maganda rin 'yan.

SEC. ANDANAR: Tama. Oo, 'yung tourism, kita naman natin, Marie, `di ba 'yung China lang noong binuksan nila 'yung kanilang merkado, sabi nila, " Kaya niyo bang 1 million tourists?"

So really lahat ng ito na mga opportunities will stem from our good dialogue, our good bilateral, our good multilateral relationship with other powerful economies surrounding the Philippines and also from the other continents.

Now, the Philippines is a very, very promising country, not only because of its manpower and its resources, but because of our strategic location. Sapagkat tayo ay nasa gitna po ng --- nandiyan po ang West Philippine Sea, ng South China Sea. At bago po 'yan kung tayo ay bababa dito sa may Malaysia itong Sulawesi Sea, 'yung Malacca Strait going through Indian Ocean.

Talagang itong Pilipinas po talaga ay dadaanan, ito ay talagang maritime sea route or --- sorry --- maritime trading route. Itong dagat ng Pilipinas papuntang China. And we know that China is one of the biggest exporter and importer of raw materials in the world.

And the powerful economies, not just the United States, India, New Zealand, Australia, Canada, Japan ay talagang nakikipag-trade sa China. At 'yung mga produkto na 'yon na tini-trade nila ay dumadaan sa West Philippine Sea.

Kaya it cannot be ano underestimated ang kahalagahan ng Pilipinas as a strategic location in this globalized economy.

Mr. Palo: Well, with that ---

Ms. Ruiz: Sir, may ipinapatanong si Aileen Taliping.

Mr. Palo: Okay. Mayroon ba? Hindi ko nakita.

Ms. Ruiz: Yung sino daw --- bakit daw kaya nakalusot 'yung posters --- 'yung tarpaulin ---

Mr. Palo: Ah, 'yung wrong spelling?

Ms. Ruiz: --- kulang ng isang "i." Sino daw dapat pong managot? At ilan ang naipagawang posters na mali? Thank you daw po.

SEC. ANDANAR: Siguro Aileen, ang tanong na 'yun ay idirekta natin sa DILG sapagkat sila `yung nagkabit nung mga tarpaulin na 'yun without our consent, the PCOO.

So, as a matter of fact, naglabas na ang DILG ng kanilang statement at 'yung NOC ng statement.

So I would not have… I don't have the specific information, the number of tarpaulins na kanilang --- na kanilang ano --- na kanilang inimprinta.

Pero when we got wind of the misspelled "Philippines" in the tarpaulin, eh ako mula Viet Nam ay kagyat kong ipinag-utos kay Undersecretary Puyat na aksyunan agad kahit hindi kami 'yung nag-post ng tarpaulin na 'yun para maalis na sa mga lansangan kung saan nakasabit ito.

Mr. Palo: Eh napakarami pa naman noon, ano? Almost the same lang. Hindi lang napansin eh. May nakapansin lang. Pero anyways eh ---

SEC. ANDANAR: 'Yung ito kasing sa ASEAN, marami kasing mga nagtutulong-tulong dito. 'Yung local government units, mayroon din 'yung TIEZA at kami sa PCOO, the NOC.
So ito ay concerted efforts eh. But it is just an unfortunate na naglabas ang DILG ng ganoong klaseng tarpaulin without our knowledge.

Mr. Palo: Ah ok. So, hindi masyadong na-coordinate pala 'yung paglabas ng ganoon. Anyways Secretary, sa atin naman dito. Eh sabi ko nga, kami nag-umpisa kami kanina ipakita natin 'yung ating hospitality hindi 'yung kasiraan. Ilayo muna natin 'yung mga kasiraan na ganitong balita. Anyways.

SEC. ANDANAR: Sa palagay ko naman ang mahalaga dito ay isang bansa tayo. Gusto nating i-market 'yung ating bansa. Mahirap kasi sa gitna ng mga ganito tapos pino-politicize.

Mayroon kang maling tarpaulin tapos 'yun na 'yung pag-uusapan. Sa dinami-dami ng --- sa tinagal-tagal o sa haba ng ASEAN mula noong Abril hanggang ngayon, napakadaming mga magagandang nangyari na sa ating bansa.

Tapos ganoon pa rin. Mahirap 'yung ganoon eh. 'Yung if we have so much hatred in our hearts, it is not good for our country.

Ms. Ruiz: We are one country. Dapat sa mga ganitong pagkakataon pati, 'yung talagang nagkakaisa. 'Yung parang this is our honor, 'di ba.

Mr. Palo: Correct, this time around, hindi na biro ito. Hindi lang basta ASEAN ito. Kasama 'yung mga dialogue partners pati 'yung mga European at Estados Unidos nandito na.

Ms. Ruiz: Mata ng mundo nasa atin.

Mr. Palo: Nakatingin lahat sa atin.

SEC. ANDANAR: 'Yun nga eh. 'Yung iba pino-politicize pa. Tapos sinisiraan pa 'yung isang tao. At least 'yung tarpaulin pwede nating tanggalin 'di ba.

Ang mahirap dito 'pag 'yung ano kasamaan ng ugali and the hatred that you have in your heart, kapag hindi mo naalis 'yun, 'yun ang problema.

Mr. Palo: May question pa ba diyan, Ate Marie?

Ms. Ruiz: Wala na. Wala na.

Mr. Palo: Ok. So, so far. 'Yan muna siguro ang ating mga katanungan.

Ms. Ruiz: Thank you for time, Sir. Thank you for taking time out.

SEC. ANDANAR: Salamat Marie at salamat din Leo. Hope to see you soon.

Mr. Palo: Sige, sir. Sige, sir. Thank you so much

Ms. Ruiz: Good luck at mabuhay po kayo.

Mr. Palo: Mabuhay po, Sec.

--- END ---